**Miyerkules ng Abo (A) – 18 Pebrero 2026**
Aklat ni Joel 2:12–18; 2 Mga Taga-Corinto 5:20–6:2; Mateo 6:1–6, 16–18

## PANIMULA

Minsan may isang manlalakbay na huminto sa gilid ng isang disyerto at nagtanong sa isang matandang gabay,
"Gaano po ba katagal bago matawid natin ang disyerto?"

Sumagot ang gabay, "Lumakad na tayo."

"Pero gaano po katagal?" giit ng manlalakbay.

"Lumakad na tayo," muling sagot ng gabay.

Nang magsimula na silang maglakad, saka lamang sinabi ng gabay sa manlalakbay "Mga apatnapung araw."

Sa panahon ngayon, mga minamahal na kapatid, tayo rin ay nakatayo sa gilid ng kaparehong paglalakbay.
Sa Miyerkules ng Abo, pumapasok tayo sa disyerto ng Kuwaresma—apatnapung araw na inilaan, hindi upang takasan ang buhay, kundi upang muling tuklasin natin ang direksiyon nito. Ito ay mga araw na hinahango mula sa pagmamadali ng taon, mula sa mga nakasanayan at paulit-ulit na gawain, upang bigyang-daan natin ang Diyos na kumilos sa ating buhay at sa pamamagitan natin.

Ipinapaalala sa atin ng Miyerkules ng Abo ang dalawang katotohanang madalas nating makalimutan:
*Marupok ang buhay. Ang oras ay mahalaga*.

Ngunit nagpapahayag din ito ng pag-asa: **Malapit sa atin ang Diyos, at ngayon ay ang panahon ng biyaya.**

Habang sinisimulan natin ang pag-obserba sa banal na panahong ito, na mulat sa pagdurusa ng ating mundo—lalo na ng mga taong apektado ng digmaan, karahasan, at kawalanng-katarungan—hilingin natin sa Diyos na manumbalik ang ating mga puso sa Kanya, upang tayo'y maging mga kasangkapan ng kapayapaan, habag, at pagpapagaling.

Kayat ilagay natin nang tapat ang ating mga sarili sa harap ng Panginoon at humingi tayo ng Kanyang habag.

## UNANG HOMILIYA – *“Manumbalik Kayo sa Akin nang Buong Puso”*

Minsan may natagpuan ang isang lalaki na nakakita ng lumang kompas na nakalagay sa kaha ng mesa ng kanyang lolo. Dahil sa kanyang pag-uusisa, dinala niya ito sa kanyang paglalakad sa kadundukan. Ngunit kahit saan man siya humarap, tila hindi tama ang turo ng karayom. Naiinis na siya at muntik na niyang itapon ang kompas nang magsalita ang isang matandang naglalakad din sa kabundukan:

“Hindi sira ang kompas. Masyado ka lang malapit sa metal. Lumayo ka, at muli nitong ituturo ang hilaga.”

Ganito rin ang sinasabi ng Diyos sa atin sa Kuwaresma: *lumayo muna tayo.*
Lumayo tayo sa anumang bagay na naglilihis ng ating puso sa tamang direksiyon —mga ingay, mga nakasanayan, mga sagabal, mga huwad na sandigan—upang ang ating mga panloob na gabay ay muling tumuro sa Diyos.

Inilalagay ng Miyerkules ng Abo ang kompas na iyon sa ating mga kamay.

### 1. Ang Mga Abo: katotohanang walang ilusyon

Ang mga unang salitang maririnig natin ngayon ay nakakayanig:
“Alalahanin mo na ikaw ay alabok, at sa alabok ka rin ay babalik.”

Sa mundong laging nagpapaalala sa atin na dapat manatili tayong bata, na magmukha tayong palaging malakas, at umiwas tayo sa mga pamantayan, ang mga unang kataga ay tila nakakinsulto.  Tinuruan tayo ng mundong ito na itago natin ang ating kahinaan, itanggi ang ating karupukan, at ilayo ang ating isipan sa kamatayan. Ngunit ang Miyerkules ng Abo ay hindi nakikisabay sa ilusyong ito. Sinasabi nito ang katotohanan—hindi upang takutin tayo, kundi upang palayain tayo.

May isang kuwento tungkol sa isang pangulo ng kumpanya na matapos makaligtas sa isang malubhang atake sa puso, ay nagsabing, “Sa unang pagkakataon sa aking buhay, napagtanto kong magpapatuloy nang maayos ang mundo kahit ako’y wala na.”

Binago ng pagkakatantong iyon ang kanyang buhay. Mas kumonti na ang oras niya sa paghahabol ng tagumpay at mas dumami ang oras niya sa pagpapatibay ng kanyang mga relasyon. Ang pagtanggap niya sa kanyang katauhan ay muling nag-ayos ng kanyang mga prayoridad.

Ganyan din ang ginagawa ng mga abo. Ipinapaalala nito sa atin: *maikli lang ang buhay, kaya ito ay makahulugan*. Mahalaga kung paano tayo nabubuhay.

### 2. “Manumbalik kayo sa akin nang buong puso” (Joel)

Hindi sinabi ng propetang si Joel na, “Pagsikapan ninyong umunlad” o “Magpursige nang higit pa.” Sinabi niya: “Manumbalik kayo sa akin nang buong puso.”

Ang salitang "manumbalik" ay nangangahulugang tayo ay dati nang pagaari ng Diyos. Ang Kuwaresma ay hindi tungkol sa pagkakamít ng pag-ibig ng Diyos; ito ay tungkol sa **pagbabalik natin dito.**

Kuwentong Karanasan:  Minsan tinanong ng isang pari ang isang bata sa klase nila ng katesismo:
"Ano ang pagbabalik-loob?"

Sumagot ang bata: "Ito ay iyong kapag mali ang direksiyon na iyong tinatahak at ikaw ay umikot pabalik."

Simple—ngunit malalim sa teolohikal. Ang pagbabalik-loob ay hindi paghatol sa sarili. Ito ay pagbabago ng direksiyon.  Ito ay pagpayag na ituwid muli ng Diyos ang ating panloob na gabay.

### 3. Ang pagmamadali ni San Pablo: "Ngayon na ang panahon"

Pinatitindi ni San Pablo ang mensahe:
"Ngayon na ang panahong katanggap-tanggap. Ngayon na ang araw ng pagliligtas."

Hindi kapag naging kalmado na ang buhay.
Hindi kapag tayo'y nakapagretiro na.
Hindi pagkatapos ng Pasko ng Muling Pagkabuhay.

Ngayon Na.

Minsan may isang lalaki na nagsabing: "Mananalangin ako kapag may oras na ako."

Pagkalipas ng maraming taon, napagtanto niya at inamin niyang: "Hindi dumating ang panahon—ngunit dumating ang mga dahilan."

Pinuputol ng Kuwaresma ang ating mga dahilan. Ipinapaalala nito na ang biyaya ay hindi ipinagpapaliban. Sinasalubong tayo ng Diyos sa kasalukuyan, hindi sa perpektong kinabukasang palagi nating iniisip.

### 4. Si Hesus at ang panganib ng paggawa ng mabuti sa maling dahilan

Sa Ebanghelyo, binanggit ni Hesus ang tatlong banal na gawain: panalangin, pag-aayuno, at pagbibigay-limos. Hindi Niya pinupuna ang mga ito; inilalantad Niya ang isang banayad na panganib—**ang pagganap**.

May kilalang kasabihan:
"Kayang gawing salamin ng pagmamahal sa sarili kahit na ang kabanalan."

Alam ni Hesus kung gaano kadaling maging tungkol sa pagkilala, kontrol, o kasiyahan sa sarili ang mga kaugalihan sa pananampalataya. Kaya't inuulit-ulit Niya ang isang parirala: "Ang iyong Ama na sa lihim ay nakakakita ng lahat."

Hindi sa panlabas na anyo humahanga ang Diyos. Sa tunay na layunin ng ating puso siya tumitingin.

May isang monghe na tinanong minsan kung bakit napaka-tahimik niyang manalangin. Sumagot siya:
"Dahil hindi mahina ang pandinig ng Diyos, ngunit mahina ang pandinig ng aking puso."

Ang Kuwaresma ay tungkol sa pagpapagaling ng pusong iyon.

### 5. Panalangin, pag-aayuno, pagbibigay-limos: isang landas, tatlong direksiyon

Hindi magkakahiwalay na proyekto ang mga ito; bumubuo sila ng iisang kilos ng pag-ibig.

- Ang **panalangin** ay nagtuturo sa atin patungo sa Diyos.
- Ang **pagbibigay-limos** ay nagtuturo sa atin patungo sa ating kapwa.
- Ang **pag-aayuno** ay nagtuturo sa ating panloob—patungo sa kalayaan.

Madalas hindi nauunawaan ang pag-aayuno. Hindi ito tungkol sa diyeta o pagpapakita ng disiplina. Sa kaibuturan nito, tinatanong ng pag-aayuno: *Ano ang humahawak sa akin?*

May nagsabi minsan:
"Sinubukan kong mag-ayuno sa pagkain at napagtanto kong madalas akong kumain dahil sa pagkainip, pagkabahala, o dahil nakasanayan na—hindi dahil sa gutom."

Ang pagkakatuklas na iyon ay isa na mismong biyaya. Ang tunay na pag-aayuno ay lumilikha ng espasyo—espasyo para sa Diyos, para sa habag, para sa pakikinig. At kung ang pag-aayuno ay hindi nagiging dahilan upang tayo'y maging mas mahinahon, mas matiisin, at mas mapagmalasakit sa mahihirap, hindi natupad ang layunin nito.

### 6. Hindi ang mga abo ang huling salita

Ang mga abong tinatanggap natin ngayon ay mula sa sinunog na mga palma—mga palma ng tagumpay na ngayo'y naging alikabok. Hindi ito nagkataon lamang. Sinasabi nito: kahit ang ating mga tagumpay ay lilipas din.

Ngunit sinasabi rin nito: A**ng Diyos kayang maghatid ng bagong buhay mula sa bagay na tila ay nagwakas na.**

Ang mga abo ay inilalagay sa hugis ng **krus**, hindi bilog o isang guhit lang. Ipinahahayag ng krus na iyun ang pag-asa: ang ating alikabok ay hinipo ni Kristo.

May isang hardinero na minsang nagsabi:
"Ang pinakamainam na lupa ay nagmumula sa mga bagay na namatay na."

Hindi sinasayang ng Diyos ang ating mga kabiguan, pagkawala, at pagkawasak.
Nagiging matabang lupa ang mga ito sa Kanyang mga kamay.

May kuwento ng isang guro ng biyolin na nagsabi sa kanyang estudyante:
“Hindi ka nagsasanay para maiwasan ang mga pagkakamali. Nagsasanay ka para hindi ka na matakot sa mga pagkakamali.”

Ganyan ang Kuwaresma. Hindi ito tungkol sa pagiging perpekto. Ito ay tungkol sa pagiging matapang sa harap ng Diyos—tapat, malaya, at handang magsimula muli.

Habang tinatahak natin ang apatnapung araw na ito, na may tanda ng mga abo, nawa’y hindi tayo maglakad na may malungkot na mukha, kundi may pusong puno ng pag-asa. Sapagkat ang Diyos na tumatawag sa atin pabalik ay mapagpala at maawain, mabagal magalit, at sagana sa habag.

Pinapakita ng Miyerkules ng Abo kung sino tayo: **alikabok.**
Pinapakita ng Kuwaresma kung sino ang Diyos: **tapat.**
At sasabihin ng Pasko ng Pagkabuhay kung saan tayo patutungo: **buhay.**

“Likhain Mo sa amin ang isang malinis na puso, O Diyos,
at panibaguhin Mo ang isang matatag na espiritu sa aming kalooban.”
**Amen.**

### Mas Maikling HOMILIYA 2

***-nauumpisahan at natatapos sa isang kwento, habang may mga salaysay sa gitna.***

May isang kwento ng sikat na violinista na minsang tumugtog nang hindi nakikilala sa isang abalang istasyon ng tren. Nagmamadaling lumalakad ang mga tao at halos hindi napapansin ang musika. Iilan lamang ang huminto. Ilang araw pagkatapos, napuno niya ang isang konsiyerto at nagbayad ang mga tao ng malaking halaga upang pakinggan siyang tumugtog.

Hindi nagbago ang musika.
Ang nagbago ay **ang atensyon na ibinigay dito.**

Ang Miyerkules ng Abo ay parang ang Diyos ang tumutugtog ng kanyang musika nang tahimik sa gitna ng ating abalang buhay. Inaanyayahan tayo ng Kuwaresma na huminto, makinig, at pagngilayan: *Ano ang mga bagay na nadadaanan ko nang mabilis na hindi ko napapansin?*

### Pangunahing Pagninilay

Ang mga pagbasa ngayon ay malinaw na naglalatag ng puso ng Kuwaresma.
Sumisigaw ang propetang si Joel: *"Bumalik kayo sa akin nang buong puso."*
Hindi kalahati lang. Hindi panlabas lamang. Kundi buong puso.

Nagbibigay ng kagyat na paalaala si San Pablo: *"Ngayon ang kaaya-ayang panahon. Ngayon ang araw ng kaligtasan."*
Hindi bukas. Hindi kapag maayos na ang buhay. Ngayon na.

At si Hesus, sa Ebanghelyo, ay nagsasalita nang may banayad na pagkamakatotohanan. May babala Siya sa atin na posible ang paggawa natin ng tama—panalangin, pag-aayuno, pagbibigay—**pero para sa maling dahilan.** Hindi Niya pinupuna ang mga gawaing ito; nililinis Niya ang intensyon natin.

**Anekdota:** Minsang may batang nagtanong,
"Bakit nagpipigil kumain ng tsokolate ang mga tao tuwing Kuwaresma?"
Sumagot ang ina, "Upang alalahanin si Hesus."
Panandaling napaisip ang bata at nagsabi, "Kung ganun, hindi ba dapat tayo'y maging mas mabait rin?"

Ang tanong na iyon ay tumatagos sa puso ng Ebanghelyo.
Ang panalangin na hindi tayo binabago,
ang pag-aayuno na hindi tayo pinalalaya,
ang pagbibigay na hindi nagpapalalim ng ating habag—
ay nawawalan ng punto.

Ang mga abo na tatanggapin natin ngayon ay nagsasabi ng katotohanan tungkol sa atin: tayo'y marupok, limitado, at umaasa.

Ngunit nakabalangkas ito sa hugis ng **krus**, paalala na tinatanggap ng awa ng Diyos ang ating kahinaan.

Minsang sinabi ng isang monghe,
“Ang Kuwaresma ay hindi tungkol sa pagiging ibang tao,
kundi tungkol ito sa pagiging kung sino ang nakikita na ng Diyos.”

Kung ang apatnapung araw na ito ay makakatulong sa atin na manalangin nang mas tapat, mamuhay nang mas simple, at magmahal nang mas bukal sa puso, ang Pasko ng Pagkabuhay ay hindi lamang isang pistang pinagdiriwang—
ito ay magiging isang buhay na muling sisimulan.

**Amen.**

- **Translated by William Valdrez , Jr.**